Australian Government

Department of Health

**Suporta sa dalamhati at trauma para sa mga naapektuhan ng COVID-19 sa sektor ng aged care (pangangalaga ng matatanda)**

Ang Pamahalaang Australya ay nagpopondo sa mga serbisyo upang magbigay ng suporta sa dalamhati, kawalan at trauma para sa sektor ng aged care sa Australya. Ang mga serbisyong ito ay makukuha ng mga naninirahan sa pangresidensyal na aged care, mga tumatanggap ng pangangalaga sa tahanan, sa kanilang mga mahal sa buhay, at mga kawani ng aged care. Maaari mong magamit ang mga serbisyong ito para sa iyong sarili, o ipabatid sa iyong mga mahal sa buhay at sa mga komunidad ang tungkol sa mga ito.

Ang mga ito ay walang bayad at magagamit ng lahat.

Iginagalang ng lahat ng mga organisasyong ito ang mga kultura, relihiyon, identidad at estilo ng pamumuhay ng mga tao. Kung ikaw o ang isa mong mahal sa buhay ay nangangailangan ng interpreter, tawagan ang Translating and Interpreting Service sa **131 450**. Hilingin ang iyong wika at ang serbisyo na nais mong maikonekta ka.

**Suporta sa dalamhati at kawalan**

**Pagpapayo sa telepono:**

Ang Australian Centre for Grief and Bereavement (Sentro sa Australya para sa Dalamhati at Pangungulila) ay tumutulong sa mga kawani ng aged care, mga tagapagbigay ng aged care, mga grupong pangrelihiyon at pangkomunidad upang suportahan ang kanilang mga komunidad sa dalamhati at kawalan na dulot ng COVID-19. Tumelepono sa **1800 222 200** para sa payo kung paano matutulungan ang inyong komunidad.

Sa pagtawag mo, maaari mo silang kausapin kung ano ang iyong kailangan upang suportahan ka o ang iyong mga mahal sa buhay. Maaaring kabilangan ito ng mga sesyon sa panggrupo o pang-isahang pagpapayo ng isang tagapayo gamit ang telehealth (sa pamamagitan ng telepono o videoconference), o nang harapan.

Ang Australian Centre for Grief and Bereavement ay may mga kawani na may dalawang wika na tumutulong sa mga kliyente sa wikang Arabe, Czech, Farsi, Pranses, Italyano, Hapon, Maltese, Sinhala, Tamil, Espanyol at Yiddish. Hilingin ang iyong wika sa pagtawag mo. Para sa iba pang wika, tawagan muna ang Translating and Interpreting Service sa **131 450** at hilingin ang Australian Centre for Grief and Bereavement.

Sinusuportahan din ng Australian Centre for Grief and Bereavement ang paggamit ng Auslan para sa mga taong bingi at may kapansanan sa pandinig.

**Suporta sa dementia:**

Ang Dementia Support Australia  (Suporta para sa Dementia sa Australya) ay nagbiibigay ng 24-na oras na tulong sa buong Australya, 365 araw sa isang taon. Nagbibigay sila ng payo at mga

rekomendayon sa mga tao na nangangalaga para sa isang tao na may dementia. Tawagan sila sa **1800 699 799**. Kung ikaw o ang isa mong mahal sa buhay ay nangangailangan ng interpreter, tawagan ang Translating and Interpreting Service sa **131 450** at hilingin ang Dementia Support Australia.

**Pagtataguyod:**

Ang Older Persons Advocacy Network (Network ng Pagtataguyod sa mga Matatanda) ay naghahatid ng mga serbisyong pagtataguyod sa aged care sa buong Australya. Sila ay maaaring makatulong kung ikaw ay nagkakaroon ng mga problema tungkol sa tinatanggap mong mga serbisyo ng aged care. Ang Older Persons Advocacy Network ay nagbibigay ng walang bayad, kompidensyal, independiyenteng pagtataguyod, impormasyon at edukasyon sa mga matatanda, sa kanilang mga pamilya at kinatawan. Tawagan sila sa **1800 700 600**. Kung ikaw o ang isa mong mahal sa buhay ay nangangailangan ng interpreter, tawagan ang Translating and Interpreting Service sa **131 450**at hilingin ang Older Persons Advocacy Network.

**Karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19**

Mahalagang manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng mga opisyal na mapagkukunan. Bisitahin ang health.gov.au o tawagan ang National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080**. Para sa mga serbisyo ng tagapagsalin sa wika at interpreter, tawagan ang **131 450** at hilingin ang National Coronavirus Helpline.